IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Wednesday 22 May 2002 (morning)
Mercredi 22 mai 2002 (matin)
Miércoles 22 de mayo de 2002 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works, will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Traiter un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Ang layunin ng panitikan ay ibunyag ang mga sakit ng lipunan at ipakita ang mga posibleng lunas sa mga ito. Gaano katotoo ito sa mga nabasa mong akdang pampanitikan?

*o ito:*

(b) Maraming mabubuting bagay ang makikita sa katauhan ng isang nilalang. Anu-anong magagandang katangian ang natagpuan mo sa mga tauhan ng mga nobelang nabasa mo? Paano at gaano nakaapekto ang mga ito sa naging wakas ng mga nobelang ito?

**Maikling Kuwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Paghambingin ang mga pinagmulang antas ng lipunan ng mga pangunahing tauhan sa maiikling kwentong nabasa mo at isaalang-alang kung gaano kahalaga ang sosyal na kapaligiran sa kanilang ugali at sa wakas ng kuwento.

*o ito:*

(b) Batay sa mga nabasa mong maikling kuwento, anong mga pamamaraan sa pagsasalaysay ang higit na naging mabisa upang lalong maging malinaw ang mensahe ng awtor at upang lalo pang makintal ito sa isip ng mambabasa?

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Batay sa mga dulang nabasa mo, isaalang-alang kung hanggang saan maaaring makita at matukoy ang pananaw o punto de vista at layunin ng awtor sa gitna ng madulang daigdig na kanyang nilikha.

*o ito:*

(b) Paghambingin ang mga pamamaraang ginamit ng mga mandudulang napag-aralan mo sa paglinang nila sa suliranin ng protagonista, at kung paano at hanggang saan nalutas ang mga sulraning ito sa wakas ng dula.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Anong mabubuting katangian at mga kahinaan ang nakita mo sa mga tulang iyong napag-aralan? Paghambingin ang mga pamamarang pantula na ginamit ng mga makata upang matamo ang kani-kanilang layunin. Talakayin din kung hanggang saan sila naging matagumpay sa kanilang pagsisikap na makamit ang mga layuning ito.

*o ito:*

(b) Ang tula ay nagtataglay ng matitinding damdamin at saloobin, hindi mga idea o mga suliraning panlipunan. Batay sa mga tulang napag-aralan mo, gaano ka sumasang-ayon sa pahayag na ito.

**Prosa**

**5.** Maaaring ito:

(a) Sa mga akdang nabasa mo at napag-aralan, gaano kabisa ang istruktura sa pagpapalutang ng mga tema o mga idea?

*o ito:*

(b) Paghambingin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga manunulat na napag-aralan mo sa kanilang pagtatangkang malutas ang mga partikular na isyung tinalakay nila, at kung gaano sila naging matagumpay sa mga pagtatangkang ito.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Ang isang nagbabasa ng akdang pampanitikan ay nakakaranas ng maraming iba't ibang buhay. Isaalang-alang ang mga implikasyon ng pahayag na ito at iugnay sa mga akdang napag-aralan mo na.

*o ito:*

(b) Ang isang manunulat ay hindi lamang manunulat. Isa rin siyang pintor, arkitekto, mandirigma, at propeta. Talakayin ang mga akdang napag-aralan mo na ayon sa pahayag na ito.

*o ito:*

(c) Ang panitikan ay salamin ng kasaysayan ng bansang pinagmulan nito. Batay sa mga napag-aralan mo nang mga akda, gaano katotoo ang pangungusap na ito.

*o ito:*

(d) Lahat ng akdang pampanitikan ay personal (subjective), kahit na ang paksa ng manunulat ay kasaysayan, dokumentaryo o sosyal. Talakayin ang pahayag na ito batay sa mga akdang iyo nang napag-aralan.